

# MGA PAGSUSURI PARA SA COVID-19: ANG IYONG MGA KATUNGAN, NASAGOT NA



## Ano ang mga uri ng pagsusuri para sa COVID-19 ang puwedeng magawa?

Kasalukuyang mayroong dalawang uri ng pagsusuri na ginagamit upang malaman kung ikaw ay mayroong coronavirus:

1

Ang Molecular Tests, kilala din bilang PCR tests, ay napakakaraniwan. Ang mga pagsusuring ito ay napakasensitibo at kayang matukoy ang maliliit na dami ng mga genetic material mula virus. Ito ang kasalukuyang mga tiyak na pagsusuri na nagagawa at karaniwang ginagamit upang malaman kung isang tao na mayroong sintomas ay nahawahan ng COVID-19. Hangga't kaya ang dami, ang mga molecular test ay ginagamit din upang suriin ang mga taong asymptomatic, halimbawa ay kung ang isang tao ay napag-alamang nakipagsalamuha sa isang indibidwal na nagpositibo, o kung ang isang routine screening ay gumagamit ng molecular testing, tulad ng mga kolehiyo na nagsusuri sa mga estudyante at tauhan bawat linggo.

2

Ang Antigen Tests, kilala din bilang Rapid Diagnostic Tests, ay nagiging mas karaniwan na ngayong taglagas at taglamig at magagawang pataasin ang bilang ng pagsusuri. Ang mga pagsusuring ito ay gumagana sa pamamagitan ng pagtukoy sa tinatawag na 'antigen', isang protina na nasa ibabaw lamang ng virus. Ito ay mga mabilis at murang mga molecular test ngunit

hindi ganoon ka-tiyak ang resulta. Dadami ang gagamit nito upang suriin ang malalaking mga grupo ng malulusog na tao upang hanapin kung sino ang positibo sa COVID-19 ngunit asymptomatic. Kung ikaw ay nakakuha ng positibong resulta mula sa antigen test, makipag-ugnayan sa iyong doctor upang malaman kung kailangan mong kumpirmahin ang resulta sa pamamagitan ng PCR test.

Ang mga karagdagang mga teknolohiya upang suriin ang virus, tulad ng next genome sequencing, ay posibleng magawa na ngayong taglamig.

---

## Ano ang mga antibody tests?

Dahil ang tunog nila ay pamilyar, ang antibody tests ay karaniwang kinalilituhan sa mga antigen tests, kahit na sila ay talagang magkaiba. Ang antigen at PCR test ay nagsasabi sayo kung ikaw ay kasalukuyang may impeksyon. Ang antibody test, sa kabilang banda, ang nagsasabi sa iyo kung ikaw ay nahawa sa coronavirus noon. Para sa antibody test, ang iyong dugo ay kukunin upang alamin kung ito ay mayroong mga antibodies sa virus. Maaaring abutin ng 1-3 na linggo pagkatapos ang impeksyon sa iyong katawan na makagawa ng mga antibodies. Ang antibody test – kilala din bilang serology tests – ay nirerekomenda upang matukoy ang nakaraang impeksyon. Hindi ito karaniwan para sa mga indibidwal ngunit maaaring dumami na ngayong taglamig.

## Importante ba kung anong klaseng pagsusuri ang aking kukunin?

Para sa asymptomatic testing, puwedeng kang kumuha ng alinman sa rapid antigen test o isang molecular/PCR test base sa kung ano ang inaalok sa inyong komunidad. Kung ikaw ay mayroong mga sintomas o malapitang nakasalamuha ang isang taong nagpositibo sa COVID-19, makipag-ugnayan sa iyong doctor upang ikaw ay makakuha ng PCR test sa tamang oras base sa kung kailan ka na-expose.

## Masakit ba ang magpasuri?

Hindi. Mayroong isang uri ng pagsusuri kung saan ang iswab ka kailaliman ng likod ng iyong ilong ay maging bahagyang hindi kumportable. Karaniwan itong ginagamit sa mga klinika at mga tanggapan ng doktor upang kumpirmahin ang impeksyon. Karamihan ng mga pagsusuri na ginagamit sa asymptomatic testing ay kinakailangan lamang ng simpleng pagswab sa pisngi o ilong na tumatagal ng ilang mga segundo at hindi ka makakaramdam ng sakit. Ang ilang mga rapid test ay mas hindi invasive at kinakailangan lang dumura ng sampol ng laway sa isang lalagyan.

## Gagastos ba ako sa pagpapasuri?

Karaniwang libre ang asymptomatic testing na binibigay ng mga lokal na gobyerno at ng kanilang mga katuwang. Ang ilang mga pribadong klinika at mga botika ay naniningil para sa asymptomatic testing, kaya mas mainam na magtanong ng maaga. Ilang mga kompanya ng insurance ay sakop ang asymptomatic testing kaya upang iwasan ang pagbabayad, siguraduhin na magpasuri sa lugar kung saan ito ay libre.

## Kailangan ko ba ng referral upang makapagpasuri?

Kung mayroon kang mga sintomas o ikaw ay magpapasuri sa tanggapan ng inyong doktor, maaaring kailanganin niyo ng referral upang masigurado na babayaran ng inyong insurance ang pagpapasuri. Hindi mo na kailangan ng referral para sa mga klinikang may libreng pagsusuri at mga testing campaign sa inyong lungsod o estado, o routine testing sa inyong lugar ng trabaho.

## Gaano ko katagal makukuha ang resulta pagkatapos ko pagpasuri?

Ito ay depende sa uri ng pagsusuri na kinuha mo. Ang mga rapid test ay nagbibigay ng mga resulta sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras lamang. Ang mga PCR test ay maaaring tumagal ng ilang araw upang maproseso. Kung ang iyong resulta ay hindi pa agad na available – puwedeng ito’y i-email, itawag o sa online portal. Ang mga laboratoryo ay inuuna ang mga positibong resulta at susubukang agad na makausap ang mga taong iyon hangga’t maaari, kaya siguraduhin na sagutin mo ang mga hindi kilalang tumatawag sa iyo kung ikaw ay nag-aantay sa iyong resulta.

## Maaari na ba akong magtrabaho habang nag-aantay ng aking resulta?

Ikaw ba ay malapitang nakipagsalamuha sa may napag-alamang kaso? Kung ang sagot ay oo, nararapat na ikaw ay mag-quarantine habang inaantay ang iyong mga resulta. Kung ang sagot ay hindi, maaari ka ng pumasok sa trabaho o sa paaralan at ituloy ang regular na mga aktibidad na ina-advise sa panahon ng pandemya hangga’t ika’y walang mga sintomas. Kung ikaw ay nakakaramdam ng maski mababaw na sintomas, nararapat na ikaw ay agad na mag-quarantine at makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider. Mahalaga na ipagpatuloy

nating lahat ang pag-praktis ng mga araw-araw na hakbang sa pag-iwas kahit na wala tayong sakit, tulad ng tamang paghuhugas ng kamay, pisikal na pagdidistansya at pagsuot ng mask, upang mahinto ang pagkalat na asymptomatic.

## Gaano ka-maaasahan ang mga resulta ng pagsusuri?

Importanteng hindi ka maguluhan sa kasalukuyang diskusyon patungkol sa pagiging maaasahan ng mga pagsusuri. Ang lahat ng pagsusuri sa COVID-19 ay bago at hindi 100% na walang palya; ang mga pagkakamali ay maaaring mangyari sa iba't-ibang mga hakbang sa proseso ng pagsusuri. Ngunit sa kabuuan, ang mga inaprubahang pagsusuri ng FDA ay kapansin-pansing magaling nitong nagagawa ang trabaho at nagbibigay ng mga tamang resulta halos sa lahat ng oras. Ang mga pagsusuri ay isa sa mga maraming pangunahing istrategiya sa pandemyang ito, tulad ng pagsusuot ng mask at paghuhugas ng kamay – walang perpektong tao ngunit kung sama-sama tayo, tinutulungan tayo nitong pigilan ang virius.

## Saan ako maaaring pumunta upang magpasuri para sa COVID-19?

Ang mga pagsusuri para sa COVID-19 ay maaaring makuha sa mga community testing sites, mga ospital at mga sentro ng kalusugan, at ilang mga tindahan at botika. Maraming komunidad ay nag-aalok din ng mga pop-up testing clinics sa mga espesipikong mga araw. Ang ilang mga employer at mga kampus ng kolehiyo ay nagsimula na ng on-site screening testing para sa mga empleyado at estudyante.

Upang malaman ang mga maaaring pagpipilian sa inyong lugar:

- Tawagan ang iyong doktor o tanggapan ng pangunahing pangagalaga
- Hanapin sa internet gamit ang terminong “free COVID-19 testing near me”
- Hanapin ang impormasyon patungkol sa pagsusuri para sa COVID-19 sa website ng inyong estado o

kagawaran ng rehiyonal na kalusugan. Maraming estado ang mayroon na ngayong mga online screening forms na kung saan ay puwede kang magkaroon ng paunang pag-apruba para sa pagsusuri.

- Bisitahin ang [HHS.gov](https://www.hhs.gov) at pindutin ang Community Based Testing Sites
- Tumawag sa lokal na botika o sentro ng kalusugan at humingi ng tulong sa paghahanap ng libreng lugar para sa pagpapasuri